PINAG-ISANG DISTRITO NG PAARALAN NG LOS ANGELES (LOS ANGELES UNIFIED SCHOOL DISTRICT, LAUSD)
PATAKARAN SA PAG-IWAS SA SEXUAL HARASSMENT

Ang Distrito ay tapat sa pagbibigay ng kapaligiran na pantrabaho at para sa pag-aaral na walang sexual harassment. Pinagbabawal ng Distrito ang sexual harassment ng mga empleyado, estudyante o mga taong nakikipag-negosyo sa o para sa Distrito batay sa aktuwal o paniniwalang kasarian, sexual orientation, gender, gender identity, gender expression, pagbubuntis, panganganak, katayuan ng pagpapasuso at anumang kaugnay na kondisyong medikal. Ang hindi pagsunod sa patakarang ito ay labag sa batas ng estado at pederal.

Sa ilalim ng batas ng California, ang sexual harassment ay ang anumang hindi katanggap-tanggap na pag-uugali na batay sa kasarian, kabilang ang mga sekswal na pagkilos, mga hiling para sa mga sekswal na pabor, o anumang iba pang pananalita, pagtingin, o pisikal na pag-uugali na likas na sekswal o nababatay sa kasarian na ginawa ng sinumang mula o nasa trabaho o pang-edukasyong kapaligiran, sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kondisyon:

Sa ilalim ng regulasyon ng Titulo IX ng Mga Pagsusog sa Edukasyon ng 1972, ang pag-uugali na nababatay sa kasarian na nagpapakita ng isa o higit pa sa mga sumusunod ay maaaring mapagtanto bilang sexual harassment:

- Isang empleyado na nagbibigay ng kondisyon sa pagkakaloob ng tulong, benepisyo, o serbisyo mula sa Distrito para sa partisipasyon ng indibidwal sa isang hindi katanggap-tanggap na sekswal na pag-uugali;
- Hindi kanais-nais na pag-uugali na napagpasyahan ng isang makatwirang tao na napakalubha o laganap, at subjectively at objectively offensive na nililimitahan o tinatanggihan nito ang isang tao na pantay na ma-access ang programa o aktibidad sa edukasyon ng Distrito;
- Sekswal assault, karahasan sa panliligaw, karahasan sa tahanan, o palihim na pagsubaybay (stalking) na tinutukoy sa ilalim ng Akto ng Clery o Akto Laban sa Karahasan sa Mga Kababaihan.

Kapag nakasaksi ng diskriminsayon, panliligalig (harassment), pananakot, abusadong pag-uugali, o pambubully batay sa mga nasa itaas, ang kawani ay kinakailangang gumawa ng mga agarang hakbang upang mamagitan kapag ligtas itong gawin. Ang pagsumbong sa pag-uugali sa isang tagapangasiwa o sa isang Titulo IX/ Bullying Complaint Manager ay ang maaaring nararapat na interbensyon. Kapag ang paaralan/opisina ay nasabihan na ng pag-uugali at ang isang reklamo ay naihain na, maging ito man ay ginawa ng mga empleyado, mga estudyante, o ng mga ikatlong partido, dapat itong gumawa ng agaran at nararapat ng mga hakbang upang mag-imbestiga, suportahan ang imbestigasyon o kaya naman ay tukuyin kung ano ang naganap at agarang gumawa ng mga epektibo at makatuwirang hakbang upang matigil ang pag-uugali, alisin ang isang mapoot na kapaligiran kung ito ay nailikha, at pigilan itong maulit. Ang mga hakbang sa pagsuporta sa indibidwal ay nararapat na ibigay nang hindi alintana kung siya man ay gumawa ng reklamo o humiling ng aksyon sa paaralan/opisina. Ang patakarang ito ay para sa lahat ng mga akto na may kinalaman sa aktibidad ng paaralan o pagpasok sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng Superintendente ng Distrito ng Los Angeles Unified School.

Sinumang estudyante o empleyado ng Distrito na naniniwalang sila ay naging biktima ng sexual harassment o nakakita ng naturang asal ay nararapat mag-report sa administrador o sa Title IX/Bullying Complaint Manager upang ang angkop na aksyon ay gawin para lutasin ito. Pinagbabawal ng Distrito ang paghihiganti sa sinumang taong nagsumite ng karaingan tungkol sa sexual harassment o sumali sa proseso ng imbestigasyon. Ang mga karaingan ay dapat imbestigahan kaagad at patas sa paraan na nirerespeto ang privacy ng mga naturang partidong sa ganap na lawak na posible.

Ang inyong administrator ng paaralan/opisina o (mga) Title IX/Bullying Complaint Manager:_____;
Telepono:_____ Email:_____.

Para sa patakaran/pamamaraan kaugnay sa sexual harassment ng estudyante o kung papaano mag-file ng karaingan, kontakin: Office of Student Civil Rights, Binh Nguyen-LAUSD Section 504/Title IX Coordinator, (213) 241-7682.

Para sa empleyado-sa-empleyado, estudyante-sa-empleyado o diskriminasyon na nauugnay sa trabaho/pag-eempleyo, panliligalig, pananakot o abusadong ugali, kontakin: Equal Opportunity Section, (213) 241-7685.

Lugar ng mga opisina ng Distrito: Los Angeles Unified School District - 333 South Beaudry Avenue, Los Angeles, CA 90017

PINAG-ISANG DISTRITO NG PAARALAN NG LOS ANGELES (LOS ANGELES UNIFIED SCHOOL DISTRICT, LAUSD)
PATAKARAN SA PAG-IWAS SA SEXUAL HARASSMENT

Ang inyong paaralan ay nagtatrabaho para bigyan kayo ng edukasyon na ligtas at walang sexual harassment. Ang sexual harassment ay asal na hindi mo gusto na nakadirekta sa iyo dahil ikaw ay babae o lalaki. Maaaring maramdaman mo na ikaw ay hindi ligtas o takot at hindi ka matuto. Maaring ito ay salita ng isang tao, isang bagay na nakikita mo, asal na pisikal o paghawak ng pribadong parte ng katawan (tulad ng parte na tinatakpan ng swimsuit). Halimbawa nito ay:

- Hindi ginustong yakap, halik, pagdaklot at hawak
- Tatayo ng napakalapit o pipigilan ang isang taong gumalaw
- Pagpapakita o pagpapadala ng hindi naaangkop o malaswang mga litrato na may sekswal na katangian na nagdudulot upang hindi maging maganda ang pakiramdam o maging di komportable ang ibang tao
- Pagtratong naiiba dahil sila ay babae o lalaki

Laban sa panuntunan ng paaralan at ng batas ang asal na ito. Kung ligtas para sa iyo, sabihin mo sa tao na itigil ang mga masamang ginagawa sa o sa iba pang mga bata. Maaring tulungan mo ang mga kaibigan mo, ibahagi ang problemang ito sa isang nasa hustong gulang na tao na kanilang pinagkakatiwalaan. Maaari mong i-report sa punong-guro, sa guro o sinuman ang nangangasiwa ng mga karaingang tulad nito. Ang paaralan ay gagawa kaagad ng aksyon para malaman kung ano ang nangyari, at itigil ito para hindi na maulit. Walang papayagang magparusa sa iyo dahil sa pag-report o dahil sa pakikipag-usap sa isang nasa hustong gulang na tao tungkol sa nangyari. Ibabahagi ng paaralan ang impormasyon sa mga taong maaaring maglutas nito. Ito ay gagawin sa lahat ng mga aktibidad ng paaralan sa inyong distrito ng paaralan.

Ang mga taong maaaring tumulong sa iyo:

Iyong punong-guro: _____
Tagapamahala ng Reklamo o Complaint Manager (Title IX/Bullying): _____
Tawagan: _____
Email: _____

Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito at kung papaano magsumite ng report, maaaring tawagan o sumulat sa Office of Student Civil Rights o kay Binh Nguyen - LAUSD Section 504/Title IX Coordinator sa (213) 241-7682; EquityCompliance@lausd.net.

Ang paaralan ay maaaring humingi ng tulong para sa mga kawani sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa Equal Opportunity Section sa (213) 241-7685.

Ang parehong opisina ay nasa Los Angeles Unified School District main building at ang address ay 333 South Beaudry Avenue, Los Angeles, CA 90017